BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Tumatanggap ngayon ang The Rose Brampton ng mga aplikasyon para sa programa ng pagsasanay sa Centre Stage Conservancy

BRAMPTON, ON (Nobyembre 19, 2021) – Tumatanggap ngayon ang The Rose Brampton ng mga aplikasyon para sa Centre Stage Conservatory nito, isang programa ng pagsasanay na nagbibigay ng pagkakataon sa propesyonal na pag-unlad para sa mga ekspertong instructor sa mga kabataang artist sa Brampton.

Ang programa na ito ay sumusuporta sa mga kabataang artist at humihikayat ng mga submisyon mula sa artistic na disiplina kabilang ang mga musikero, aktor, choreographer, komposer, rapper, komedyante, at marami pa.

Ang Brampton ay isang Lungsod ng mga Pagkakataon at ang Centre Stage Conservancy ay lumilikha ng espasyo, mga pag-uusap at mga resource para linangin ang mga kabataang artist, at mimithiin na mabago at malinang ang makasining na komunidad ng Brampton.

Ang mga kabataan na nasa pagitan ng edad 12 hanggang 18 mula sa Brampton at nakapaligid na mga lugar ay karapat-dapat na mag-awdisyon. Libre ang paglahok sa programa at ang mga kabataan na dating lumahok sa programa ay pwedeng mag-aplay muli.

Ang matatagumpay na aplikante ay dadalo sa birtwal na buwanang mga workshop sa sari-saring mga paksa tulad ng voice, entrepreneurship, teknolohiya, storytelling, at mas marami pa, na itinuro ng nangungunang mga artist/praktisyuner sa larangan. Bubuo at magsasanay din ang mga kalahok ng huling performance. Kabilang sa mga instructor sa 2021-2022 sina Darryn DeSouza (musika), Yolanda Bonnell (akting), Markus Harwood-Jones (pagsusulat), Matt Zaddy (tech), Keesha Brownie (marketing) at Travis Knights (sayaw).

Para mag-aplay, ang interesadong mga artist ay kailangang magsumite ng dalawa hanggang anim na minutong video, kabilang ang introduksyon, ang pamagat ng performance piece, at ang may-akda/taga-likha. Ang deadline para mag-aplay ay sa Nobyembre 29, 2021. Maaaring ipadala ang mga aplikasyon sa rose.education@brampton.ca. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang therosebrampton.ca

**Mga Quote**

"Ang Brampton ay isang Lungsod ng mga Pagkakataon at nananabik ako na makitang ang pagbabalik ng Centre Stage Conservancy at ang oportunidad para magbigay ng mentorship at mga pagkakataon para sa tagumpay para sa ating mga kabataang artist. May maunlad na eksena sa sining ang Brampton, at ang mga programang tulad nito ay nakakatulong sa paglinang sa ating mga artist para sa paglago at tagumpay sa hinaharap."

– *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Rose’s Centre Stage Conservancy ay nagbibigay ng mga tool at resource para lumago at umunlad ang mga kabataang artist sa Brampton. Ang libreng programa na ito ay isang malaking pagkakataon para magbigay sa ating mga kabataaang artist ng mga tool at resource na kailangan nila para umunlad tungo sa matatagumpay na mga artist.”

– *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay isang Mosaic, kung saan ipinagdiriwang natin ang ating kultura, pagiging malikhain at ang komunidad. Ang Centre Stage Conservancy ay nagbibigay ng eksepsyonal na oportunidad para sa mga kabataang artist na matuto at kumonekta sa mga eksperto ng industriya para makatulong sa kanila na umunlad bilang mga artist na umaambag sa ating maunlad na eksena sa sining.”

– *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

Ang **The Rose Brampton** ay isang nangungunang performing arts venue, at isang iconic feature ng downtown core. Isang mahalagang parte ng lungsod, ito ay destinasyon ng mga kilala sa mundo na mga performer, nagbibigay ng mga pagkakataon para sa mga manonood mula sa Brampton at lampas pa na maranasan ang malawak na hanay ng mga talento sa hindi ordinaryong lugar.  Dakila sa arkitektura at kagandahan, ang The Rose ay ang lugar kung saan nagkakabuhay ang Brampton. Alamin ang mas marami pa sa therosebrampton.ca.

**KONTAK NG MEDIA**
Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca